**Pampublikong Pagpupulong**

**Magsasagawa ang Attorney General ng California ng pampublikong pagpupulong simula 10:00 AM PDT sa Oktubre 8, 2020 sa pamamagitan ng teleconference tungkol sa iminungkahing Pakikipagsosyo ng Huntington Hospital at Cedars-Sinai.**

**Bilang tugon sa panganib ng COVID-19, naglabas si Gobernador Newsom ng Executive Order N-33-20, na nagdeklara ng kalagayang pang-emergency (state of emergency) sa California at inutos sa lahat ng indibidwal na nakatira sa California na manatili sa tirahan o sa lugar kung saan sila nakatira, maliban na lamang kapag kinakailangan para panatilihin ang pagpapatuloy ng pagpapatakbo ng mga kritikal na sektor ng pederal na imprastruktura. Inilabas din ni Gobernador Newsom ang mga Executive Order N-25-20 at N-29-20, na nagbigay ng awtorisasyon sa Attorney General na magsagawa ng pampublikong pagpupulong sa pamamagitan ng teleconference nang hindi nagbibigay ng pisikal na lokasyon kung saan maaaring obserbahan ng publiko ang pagpupulong at magbigay ng mga pampublikong komento.**

**Maaaring i-access ang pampublikong pagpupulong sa pamamagitan ng telepono o elektronikong paraan. Maaaring makinig ang publiko sa pampublikong pagpupulong, o sa halip ay mag-obserba, makinig, at magbigay ng komento gamit ang mga paraang inilalarawan sa ibaba.**

**Naka-post ang abiso sa pampublikong pagpupulong na ito sa website ng Attorney General na may mga link at tagubilin sa kung paano dadalo sa pampublikong pagpupulong gawa ng BlueJeans videoconference. https://oag.ca.gov/charities/nonprofithosp.**

**Sa oras ng pagpupulong, lahat ng dadalo ay ilalagay sa “mute” (hindi maririnig ang boses) ng moderator. Hindi mo maaaring i-mute o unmute ang iyong linya mag-isa.**

**MGA TAGUBILIN PARA DUMALI SA PAMPUBLIKONG PAGPUPULONG**

**Sa Computer gamit ang Google Chrome Web Browser o BlueJeans Events App**

**Para sa pinakamainam na user experience, inirerekomenda ng BlueJeans ang paggamit ng Google Chrome web browser o pag-download ng BlueJeans Events App nang libre.**

**Sa pamamagitan nito ay makakapag-obserba, maririnig, at makakapagbigay ng komento ang dadalo sa pampublikong pagpupulong. Makakapagkomento ang dadalo sa pamamagitan ng chat o nang pasalita sa pamamagitan ng susunod na link: https://primetime.bluejeans.com/a2m/live-event/trhqcctx**

**Humiling na makipag-usap nang live para magbigay ng pasalitang komento sa pamamagitan ng:**

1. **Pagpili ng icon na "Raise Hand" (itaas ang kamay) sa kanang bahagi ng iyong screen.**
2. **Kapag inaprubahan ng moderator, piliin ang "Continue" (magpatuloy).**
3. **Ililipat ka sa isang pila.**

**Mangyaring maghintay para magsalita hanggang imbitahan ka ng moderator na magkomento. Sa panahong iyon ay iu-"unmute" ka (maririnig na ang iyong boses) ng moderator. Dapat ay mayroon kang mikropona para sabihin ang iyong komento.**

**Mobile Device**

**Sa pamamagitan ng isang mobile device, tulad ng isang cell phone o tablet, ang dadalo ay makakapag-obserba, makakarinig, at makakapagbigay ng komento sa pampublikong pagpupulong kung i-download nila ang app ng BlueJeans.**

**Gamitin ang sumusunod na link para sumali gamit ang isang mobile device. Sa opsyon na ito, kailangang i-download ng dadalo ang app ng BlueJeans at maaari siyang makapag-obserba at magbigay ng komento sa pampublikong pagpupulong. Maaaring magkomento ang dadalo sa pamamagitan ng chat o pasalita. Kapag hindi i-download ng dadalo ang app ng BlueJeans, makakarinig lamang siya at hindi siya makakapagbigay ng komento.**

**a) Buksan ang link na ito : https://primetime.bluejeans.com/a2m/live-event/trhqcctx**

**b) I-download ang app kung wala ka pa nito.**

**c) Ilagay ang event ID : trhqcctx**

**Telepono**

**Kapag gumamit ng telepono, maririnig ng dadalo ang pampublikong pagpupulong ngunit hindi niya ito maoobserbahan at hindi siya makakapagbigay ng komento.**

**I-dial ang isa sa mga sumusunod na numero:**
**+1 (415) 466-7000 (US)**

**PIN 7994100 #**

**Sekundaryo:**
**+1 (760) 699-0393 (US)**

**PIN 6432707455 #**

**Suporta sa BlueJeans**

**Ang numero ng serbisyo sa customer ng BlueJeans ay:**
**+1 (408) 791-2830**
**Maaari ring i-access ng mga dadalo ang suporta sa: https://support.bluejeans.com**

**Layunin ng pampublikong pagpupulong**

**Ang layunin ng pampublikong pagpupulong ay makatanggap ng komento tungkol sa iminungkahing Pakikipagsosyo ng Huntington Hospital at Cedars-Sinai.**

**Hinihikayat ang mga tao na ipahayag ang kanilang mga pananaw sa iminunungkahing transaksyon nang pasulat sa Tanggapan ng Attorney General ng California sa pamamagitan ng pag-email sa Anita.Velasco@doj.ca.gov, sa pamamagitan ng facsimile sa (916) 731-3652, o sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat kay Anita Garcia Velasco, Deputy Attorney General, sa 300 S. Spring Street, Los Angeles, CA 90013. Tatanggapin ang mga nakasulat na komento hanggang 5:00 PM sa Oktubre 8, 2020.**